**The Mindanao Forum**, Vol XV1, No. 2 (December 2001)

# Balay ni Superman at Iba Pang Mga Tugmang Pambata: Isang Pagsusuri

AILA R. SANGEL
FLORDELIZA L. SIBUMPAN
ANGELINA L. SANTOS, Ph.D.

**Abstrak**

*Tinuklas sa pag-aaral ang mga umiiral na tugmang pambata gamit sa paglalaro sa kasalukuyang panahon. Inanalisa ang mga tema o paksang kinabibilangan ng mga tugma; ang panahong inirerepresenta ng mga ito; at ang mga pagpahalaga o balyu na nakapaloob sa mensahe.*

Ang pag-aaral na ito ay pinamamagatang **Balay ni Superman at Iba pang Tugmang Pambata: Isang Pagsusuri.** Nilayon ng pag-aaral na maihatid sa mga mambabasa ang paksa o tema, panahong kinabibilangan at mga pagpapahalaga o balyu na makikita sa mga tugmang pambata na sinuri.

Upang maisakatuparan ang layunin, binigyang kasagutan ang mga sumusunod na katanungan:

1. Anu-anong tugmang pambata ang ginagamit ng mga bata sa paglalaro?
2. Anu-anong tema o paksa mayroon ang mga tugmang ito?
3. Ilan sa mga ito ang inaawit? Ilan naman ang tinutula?
4. Sa anong panahon o dekada napabilang ang mga ito?

---

Sa kasalukuyan, titser sa isang pribadong eskwelahan si MS. AILA R. SANGEL. Samantala, sa isang pribadong opisina naman nagtatrabaho si MS. FLORDELIZA L. SIBUMPAN. Kapwa sila naninirahan sa Syudad ng Iligan.

5. Anu-anong mga pagpapahalaga o balyu ang nakapaloob sa mga mensahe ng mga tugmang pambata na ginagamit sa laro?

Ginamitan ng deskriptibong pamaraan ang pag-aaral na ito sa pagsusuri at interpretasyon ng mga datos. Upang makakolekta ng mga datos ginamit ang snow ball sampling. Mula sa napag-alamang mga tugmang pambata sa mga larong pambata, ininterbyu ang mga batang naglalaro nito. Mula sa ibang impormante, nagtanung-tanong pa kung kanino pa makakakuha ng impormasyon hanggang sa nakakuha ng sapat na impormasyon.

Sa pagsusuri ng mga nakolektang datos ginamit ang pananaw moralistiko na kumikiling sa kaayusan, pagpipigil at disiplina. Ginamit din ang pananaw sosyolohikal na nakakawing sa paniniwalang magkakahawig ang mga akdang sining at lipunan.

Sa pagsusuri ng mga Tugmang Pambata, natuklasan ang mga sumusunod:

1. Ang mga sumusunod na mga tugma ang ginamit ng mga bata/kabataan sa kanilang paglalaro. Sim Sim Sim, Bilog Bilog, Sili Sili, Oh My, Mic Mac, Open Close 1, Open Close 2, I Went to the Sea, Api Apir Spaghetti/Camela, Pooh, Eugene Taguro, Eugene Taguro 2, Bahay ni Superman, Balay ni Superman, Sarah Sarah, My Name is Chacha, B1 B2, Nanay Tatay, Spaghetti/Gimpaparu, Spaghetti, Bombero Bombero, Chikadeng 1, Chikadeng 2, Bainte Bainte, A Pizza Hut, Pizza Pizza Pie, Fruitsalad, Kentucky, P.S.P.S., Aa Ba Ka Da, Wella Wella, Si Maria Makiling, Sundalo Ako, Miming, Pato, O 'Miga, Gimpaparu, Sim Sim to Play Me, Chicky Chiky Bam, We Gonna X,Y, Langit Lupa 1, Langit Lupa 2, Amy Lucy, Si Ana, at Sabado Domingo.

2. Napakaraming paksa mayroon ang mga tugmang pambata. Natuklasan ang mga sumusunod na tema: mga napapanahong cartoon characters, pagbibilang, tungkol sa mga artista, sa pagkain, sa hanapbuhay, tungkol sa mga hayop, sa kaibigan, magulang o pamilya, pag-ibig, pangyayari, lugar, buhay ng tao at karamihan sa mga tugmang pambata ang walang diwa.

Batay sa tema o paksa ang mga tugmang walang diwa ang nakakuha ng 9 na dalas ng bilang. Sinundan ito ng mga paksang tumutungkol sa mga *cartoon characters* at tungkol sa pagbibilang na parehong nakakuha ng tigpitong (7) puntos. Ang tungkol sa pagkain ay nakakuha ng limang (5) puntos. Sumunod naman dito ang mga tugmang tungkol sa hanapbuhay, hayop, magulang/pamilya at lugar na nakakuha ng tigdalawang (2) puntos, at ang pinakakaunti naman ay pumapaksa sa pangyayari/

araw, pag-ibig, buhay ng tao at ang pagsunod sa uso kung saan nakakuha lamang ng tig-iisang puntos.

3. Labinsiyam (19) sa mga kantang nakalap ay inaawit; 20 naman ang tinutula at 7 ang kombinasyon ng dalawang paraan.

4. Tatlong dekada ang kinabibilangan ng mga tugmang nakolekta— ang dekada '70, dekada '80 at dekada '90 hanggang sa kasalukuyan. Dekada '90 ang may pinakamaraming mga tugmang pambata ang nakalap. Isa sa mga sanhi nito ay ang impluwensiya ng radyo at telebisyon. Isa rin kasi sa mga libangan ng mga bata ay ang pakikinig ng radyo at panonood ng telebisyon. At sa pamamagitan ng panonood at pakikinig ay nakakakuha ng ideya ang mga bata.

5. Ang mga pagpapahalaga o balyu na makikita sa mga tugmang pambata ay ang tungkol sa kalusugan, (pisikal na kakanyahan, kalinisan, pakikipag-ugnayan sa kalikasan, kagandahan at sining); sa katotohanan, (kaalaman at pagkamalikhain); pagmamahal, (integridad/katapatan at pagpapahalaga sa sarili); paniniwala sa Diyos; isa pa rin sa mga balyu na makikita sa mga tugmang pambata ay ang tungkulin sa pamilya at sa lipunan, pagmamahal sa kapwa /respeto, pagpapahalaga sa iba at paghahangad ng kapayapaan); pang-ekonomiyang kasapatan (pagpapahalaga sa gawain, pagkamaaasahan, at pagkakaroon ng abilidad na maaaring pagkakakitaan).

6. Maliban dito may mga negatibo ring aspeto ang nakapaloob sa mga tugmang nakalap gaya ng kawalan ng respeto, pagmamayabang, pang-aaway o panunukso, pagtanggi, brutalidad at pagpapahalaga sa mga banyagang produkto.

Batay sa mga natuklasan sa pag-aaral, nabuo ang sumusunod na mga konklusyon:

1. Naglalaman ng iba't ibang tema ang mga tugmang pambata. Nangunguna rito ang mga tugmang walang diwa na sinundan ng mga pumapaksa sa mga *cartoon characters*.

2. Hindi lamang sa paraan ng pagtula at pag-awit ipinapahayag ang mga tugmang ito kundi mayroon ding kombinasyon ng dalawang paraan.

3. Marami rin sa mga tugmang ito ang may iba't ibang bersyon. Batay sa lugar at panahon ang pagbabago ng mga tugma. Higit na nakararami ang mga tugmang nabibilang sa dekada '90 hanggang sa kasalukuyan.

4. Marami sa mga ito ang magkakatulad lamang. Nagkakaroon lamang ng pagpapalit-palit ng mga salitang ginamit/ginagamit.

5. May mga negatibong aspeto ang nakapaloob sa ilang tugmang nakolekta.

Batay sa isinagawang pag-aaral iminumungkahi ang mga sumusunod:

1. Hindi pa rin nawawala ang pagkamahiligin ng mga bata at kabataan sa pagtutugma-tugma. Dapat lamang na giyahan o gabayan ang mga bata at kabataang ito ng kani-kanilang mga magulang at mga guro sa eskwelahan upang lalong madebelop ang katangiang ito.

2. Nakikita ang pagkamahiligin ng mga bata/kabataan sa panonood ng telebisyon batay na rin sa temang mga *cartoon characters* na kanilang binabanggit sa pagtutugma-tugma. Iminumungkahi lamang na sana'y gabayan sila ng mga magulang at mga titser sa uri ng mga palabas. Hangga't magagawa, engganyuhin ang mga bata sa mga palabas na makatutulong sa kanilang pag-aaral.

3. Ang mga pangyayaring nagaganap sa paligid ng mga bata/ kabataan ay tunay na nasasalamin sa kanilang mga tugma. May mga tugmang nagpapakita ng negatibong aspeto tulad ng kawalan ng respeto sa magulang at kapwa; negatibong pangyayari tulad ng brutalidad. Ang ganitong larawan na nakikita sa mga tugma ay nakapagdudulot ng pagkabahala. Inirerekomenda kung gayon ang mahigpit na superbisyon ng mga magulang sa uri ng palabas na pinapanood ng mga bata/kabataan sa pelikula at telebisyon. Para naman sa mga guro, kung maaari'y ipasok nila ang paksang pagpapahalagang moral o balyu sa kanilang mga asignatura upang lalong magabayan ang mga bata/kabataan. Sa mga guro pa rin, hikayatin ang mga magulang/estudyante na lumikha ng mga tugmang kaaya-aya at nagtataglay ng mga positibong pagpapahalaga batay sa mga pangyayaring nagaganap sa paligid.

4. Ang labis na pagkahilig sa panonood ng telebisyon ay nakapagbabawas sa kritikal at malikhaing pag-iisip. Lagyan ng mga magulang ng limitasyon ang panonod ng kanilang mga anak ng mga palabas sa

telebisyon.

5. Higit na palawakin pa ang pag-aaral gamit ang iba't ibang pagdulog tulad ng *Historikal, Sikolohikal at Feministang* pananaw.

6. Iminumungkahi rin na pag-aralan ang epekto ng mga tugma sa ugali ng mga bata.

7. Sa pangongolekta ng mga tugma, pansinin din sana ang mga pinanggalingan nito tulad ng sa *telebisyon, pelikula,nakasulat na medya,* kalaro at kaklase.